# BIBLE STUDY

PAGTUKLAS
PAG-UNAWA
PAGTUGON

Small Group Sessions

Text:

# Hosea 14:1-9

WALKING in
REPENTANCE & RESTORATION
MESSAGE SERIES

Oktubre 9-15, 2022

KBCF

# Hosea 14:1-9

*Mahalagang Prinsipyo sa Buhay*

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON

# Hosea 14:1-9

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Ang Pakiusap ni Hosea sa Israel

1 Manumbalik ka Israel kay Yahweh na
iyong Diyos.
Ang pagbagsak mo ay bunga ng iyong
kasamaan.

# Hosea 14:1-9

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

2 Dalhin ninyo ang inyong kahilingan,
lumapit kayo kay Yahweh;
sabihin ninyo sa kanya,
“Patawarin po ninyo kami.
Kami'y iyong kahabagan, kami'y iyong tanggapin.
Maghahandog kami sa iyo ng pagpupuri.

# Hosea 14:1-9

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

3 Hindi kami kayang iligtas ng hukbo ng Asiria,
hindi kami sasakay sa mga kabayo nila.
Hindi na namin tatawaging diyos
ang mga ginawa ng aming kamay.
Sa iyo lamang nakakasumpong ng awa ang mga ulila.”

# Hosea 14:1-9

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

4 Sabi ni Yahweh,
"Pagagalingin ko na sila sa kanilang kataksilan,
mamahalin ko na sila nang walang katapusan,
sapagkat napawi na ang galit ko sa kanila.

# Hosea 14:1-9

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

5 Ako'y matutulad sa hamog na
magpapapasariwa sa Israel.
Mamumulaklak siyang gaya ng liryo,
at mag-uugat din siyang tulad ng sedar.

# Hosea 14:1-9

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

6 Kanyang mga sanga ay darami,
gaganda siyang tulad ng puno ng olibo,
at hahalimuyak gaya ng kagubatan ng Lebanon.

# Hosea 14:1-9

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

7 Magbabalik sila at maninirahan sa ilalim ng aking kanlungan.
Sila'y yayabong na gaya ng isang halamanan,
mamumulaklak na parang puno ng ubas,
at ang bango'y tulad ng alak mula sa Lebanon.

# Hosea 14:1-9

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

8 Efraim, lumayo ka na sa mga diyus-diyosan!
Ako lamang ang tumutugon at nagbabantay
sa iyo.
Ako'y katulad ng sipres na laging luntian,
at mula sa akin ang iyong mga bunga."

# Hosea 14:1-9

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

9 Unawain ng matalino ang mga bagay na ito,
at dapat mabatid ng mga marunong.
Matuwid ang mga kaparaanan ni Yahweh,
at ang mabubuti'y doon lumalakad,
ngunit nadarapa ang mga masuwayin.

# Mahalagang Prinsipyo *sa Buhay*

**"AKO AY MANUNUMBALIK SA PANGINOON! ILALAGAY KO ANG AKING TIWALA SA KANYA, AAMININ KO ANG AKING KASALANAN AT TATALIKURAN KO ANG AKING MGA DIYOS-DIYOSAN."**

Ano ang panawagan ng Diyos sa Israel ayon sa mga talata?

HOSEA 14:1-9

PAGTUKLAS 1

# Paano manunumbalik sa Panginoon ang isang nagkasala at nagrerebelde sa Diyos?

HOSEA 14:1-9

PAGTUKLAS 2

# Paano ipinangako ng Diyos na ibabalik ang kanyang mga tao?

HOSEA 14:1-9

PAGTUKLAS 3

Inilarawan ni Hosea ang ipinangakong pagpapanumbalik ng Israel? Anu-ano ang mga kahulugan ng mga ginamit na paglalarawan?

HOSEA 14:1-9
PAG-UNAWA 1

Gaano kalubha ang kasalanan ng idolatriya sa mata ng Diyos? Bakit patuloy na nahuhulog ang Israel sa kasalanang ito?

Ang sipi ay isang napaka madamdaming panawagan upang bumalik sa Diyos. Ano ang nagpapa apoy sa mensahe ng Panginoon?

Ang pasalitang pag amin ng ating kasalanan ay mahirap dahil sa ating pagmamataas. Alalahanin nating gusto ng Diyos makita ang ating mapagpakumbabaa at nagsisising puso. Aminin natin ang ating kasalanan sa Diyos. Kung may pag udyok ang Banal na espiritu, aminin sa iyong kapatiran ang iyong kasalanan.

Ang panunumbalik at pagtalima sa Diyos ay may pangako ang masaganang buhay. (Hosea 14:8) Ang social media ay tumutukoy sa ibang mabungang buhay gaya ng "apple mac 24", masasarap na pagkain, "hermes bag" magagarang bahay o mga "epi albo". Meron ka bang mga diyos na gawang kamay? Ano ang mga ginagawa mo upang makaiwas sa mga ito?

May mga paraan ka bang naiisip upang matulungan mo ang iyong kapatid na nagkakasala upang makapanumbalik sa Diyos?



HOSEA 14:1-9

PAGTUGON 3

# Hosea 14:1-9

*Mahalagang Prinsipyo sa Buhay*

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON


# Mahalagang Prinsipyo *sa Buhay*

**“AKO AY MANUNUMBALIK SA PANGINOON! ILALAGAY KO ANG AKING TIWALA SA KANYA, AAMININ KO ANG AKING KASALANAN AT TATALIKURAN KO ANG AKING MGA DIYOS-DIYOSAN.”**

## Small Group Sessions

# Pangwakas na Panalangin




BIBLE
STUDY
PAGTUKLAS
PAG-UNAWA
PAGTUGON
Small Group Sessions
Text:
Hosea 14:1-9
WALKING in
repentance
& restoration
MESSAGE SERIES
October 9-15
KBCF

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

## Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph | KBCFofficial | KBCFamily | kbcf.office@gmail.com | 0917-886-6650 | 8927-7420 | 8928-6584